

RCEP and TPPA:

PANIBAGONG NEOLIBERAL NA MGA ATAKE SA ASYA-PASIPIKO

Praymer hinggil sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP)
at Trans-Pacific Partnership Agreement (TPPA)



People Over Profit Network



Ang People Over Profit ay isang campaign network na nagbubuklod ng mga kilusang masa at NGOs sa iba't ibang panig ng daigdig sa panawagang itigil ang mga free trade agreements (FTAs) at pandarambong ng dambuhalang korporasyon. Ang mga kasunduang ito, o mga FTA, ay suportado ng mga dambuhalang korporasyon at banta sa ating demokrasya, karapatan at buhay. Sinasaklaw ng mga ito ang lumalawak at lalong nakababahalang latag ng mga isyu at usapin, na lalong dumadami sa iba't ibang sector at komunidad, at pumupukaw ng paglaban sa maraming bayan.

Ang People Over Profit ay isang kontribusyon sa pagbubuo ng popular na pandaigdigang paglaban sa mga FTA at pandarambong ng mga TNCs. Kami ay nagtataguyod at sumusuporta sa paglaban ng mamayan ng daigdig sa mga FTA at iba pang anyo ng neoliberal na atake ng mga korporasyon sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng pagsusuri, impormasyon at koordinasyon ng mga aksyong masa sa pambansa, rehiyonal at pandaigdigang antas.

Habang lumalala ang pag-atake sa ating mga karapatan, gayundin lumalakas ang ating kolektibong paglaban. Kami ay humihiling ng hindi bababa sa nakabubuhay na sahod para sa manggagawa, lupa para sa mga magsasaka, at pagkakaroon ng sa libre at abot-kayang gamot, pangangalaga ng kalusugang publiko, at edukasyon. Kami ay nakikipaglaban para sa maka-masang sistema ng kalakalan na naaayon sa prinsipyo ng pagkakaisa, kooperasyon at *complementarity* sa pagitan ng mga bayan. Ito ay isang sistema na kumikilala at nagsusulong ng soberanya at karapatan ng mamamayan; nakatuntong sa mapagkaibigan at mapayapang pakikipamuhay, at binibigyang diin ang pananagutan ng estado at pribadong sektor sa mga mamamayan – isang pandaigdigang sistema ng kalakalan na tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan, hindi ng mga mapagsamantalang korporasyon.

People Over Profit Network Secretariat

Address: Asia Pacific Research Network (APRN) 114 Timog Avenue, Diliman QC

Telephone: 927 7060 to 62

Email: mpascual@aprn.org

Facebook: [fb.me/peoplevsftas](https://www.facebook.com/peoplevsftas)

Twitter: [@peoplevsftas](https://twitter.com/peoplevsftas)

Nakita sa mga nakaraang taon ang pagbagsak ng mga negosasyon sa World Trade Organization pangunahin dahil sa malakas na paglaban ng mga kilusang masa sa tumitinding neoliberal na atake. Para malagpasan ang pagkabalaho sa WTO, ang monopolyo kapital ay naglipat ng pokus nito sa bilateral at rehiyonal na mga free trade and investment agreements. Ang FTAs ay naglalayong lansagin ang kasalukuyang mga batas sa paggawa, kapaligiran, kalusugan at pinansya habang pinapalaki ang tubo at kontrol ng mga korporasyon. Ang malawak na paglaganap ng mga FTA sa nakaraang dekada gayunman, ay nagbunga ng desentralisadong mga atakeng neoliberal na epektibong nagpahina sa karapatan ng mga manggagawa at nagpalayas sa mga magsasaka at pambansang minoritya sa kanilang mga komunidad at lupain.

Ang bagong estratehiyang ito ay lalong nararamdaman sa buong Asya-Pasipiko sa katatapos lamang na TPPA (Trans-Pacific Partnership Agreement) sa pangunguna ng US at RCEP (Regional Comprehensive Economic Partnership) sa pangunguna naman ng Tsina. Kung maipapasa ang parehong kasunduan, banta ang mga ito sa karapatan ng mamamayan ng rehiyon. Nilalantad din ng dalawang kasunduang ito ang lumalalang kumpetisyon at magkalabang interes ng US at Tsina. Gayunpaman, kailangang linawin na alinman sa RCEP o TPPA ay hindi tutugon sa malaon nang kahilingan para sa pandaigdigang kalakalan at pang-ekonomyang kaayusan na tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan ng daigdig, at hindi sa interes ng mga imperyalistang bayan at kanilang mga korporasyon.

Ano ang mga free trade and investment agreements (FTAs)?

Ang FTAs ay mga kasunduan sa komersyo o pamumuhunan sa pagitan ng dalawa o higit pang bansa na naglalayong ibukas ang ekonomiya ng mga bansa para sa pamumuhunan at bawasan ang mga sagka sa pag-iimport ng lahat ng produkto, kabilang ang hilaw na materyales, produktong manupaktura at serbisyo, at iba pa. Ang pangunahing layunin ng mga FTA na ito ay magpalalim ng kontrol sa mga bansang mahihina ang ekonomiya, gaya ng ginagawa ng WTO. Lalo nitong pinapalawak ang mga neoliberal na patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon upang durugin ang mga di-mauunlad/underdeveloped na ekonomiya na pabor sa mayayaman at mauunlad na bansa.

Sinasaklaw ng WTO ang halos lahat ng bansa. Sa kabilang banda, ang mga FTA ay sumasaklaw lamang sa dalawa o mahigit na bansa gaya ng bilateral na FTA sa pagitan ng dalawang bansa, o kaya'y rehiyonal o *plurilateral* na kasunduan. Ang mga FTA ay


sumasaklaw din ng mas malalim at malapad na latag ng mga isyu na lagpas sa usaping kalakalan – gaya ng usapin sa pamumuhunan, *intellectual property rights* (IPR), at serbisyo—parehong mga isyu na nananatiling pinagtatalunan sa WTO. Sa simpleng salita, ang mga FTA na ito ay ginagamit ng monopolyo kapital bilang bagong instrumento para iabante ang adyendang neoliberal lagpas sa maaaring makamit sa multilateral na kaayusan, gaya ng WTO.

Gayunpaman, malinaw na ang mga FTA ay gumagana bilang ekstensyon ng WTO na nagbunga ng desentralisado ngunit lumalalang atake laban sa mga anakpawis at mamamayan sa iba't ibang rehiyon ng daigdig. Ang paglitaw ng mga mega-FTA sa pangunguna ng mga dati na at umuusbong na mga imperyalistang kapangyarihan gaya ng US, EU, Tsina, at Japan ay naglalantad din ng kalagayang ang mundo ay muling pinaglalabanan at pinaghahatian ng mga iilang mayayaman at makapangyarihang bansa—na pinipihit ang pamilihing pandaigdig pabor sa kanilang interes upang siguruhin ang tubo at kontrol sa sarili nilang balwarte.

Ang mga FTA na ito ay nagkabisa sa huling bahagi ng 1960s, bago lumago ng ilang ulit sa maagang bahagi ng 2000 nang ang negosasyon sa WTO Doha Round ay nahinto. Sa katapusan ng 2014, mayroong 2,923 *bilateral investment treaties* (BITs) at 345 iba pang *investment agreements* na nagkabisa, kaya't umabot sa 3,268 ang kabuuang bilang ng investment agreements sa buong daigdig. Ang mas masasaklaw na trade agreements, o mas kilala sa tawag na mega-FTAs gaya ng RCEP at TPP, ay lumilitaw ngayon na may mga probisyon para sa proteksyon ng pamumuhunan na kapantay ng mga karaniwang nakikita sa mga *bilateral investment treaties*.

Ano ang TPPA (Trans-Pacific Partnership Agreement)?

Ang Trans-Pacific Partnership Agreement (TPPA) ay isang mega-FTA sa pangunguna ng US at saklaw ang 11 iba pang bansa sa Asya Pasipiko at Latin Amerika (Japan, Australia, Peru, Malaysia, Vietnam, New Zealand, Chile, Singapore, Canada, Mexico, Brunei). Dagdag pa sa mga kasalukuyang kasapi, ang mga bansang gaya ng Pilipinas, Indonesia, South Korea at Taiwan ay nagsabi ng kanilang interes na sumali sa negosasyon. Ang kasunduang ito ay kumakatawan sa 40% ng GDP ng buong mundo, o 25.5% ng kabuuang bolyum ng kalakalan sa mundo. Ang negosasyon sa TPPA ay nakumpleto noong Oktubre 2015 at napirmahan ito noong Pebrero 2016. Ngunit para magkabisa ang kasunduan, kailangan itong pagtibayin ng sapat na bilang ng kasaping bansa na kakatawan sa 80% ng kabuuang GDP ng lahat ng kasaping bansa.



Higit pa sa pagiging isang kasunduan sa kalakalan, ang TPP ay may mahalagang papel sa iskema ng US para muling mabalanse ang atensyon at panatilihin ang hegemonya nito sa Asya Pasipiko. Ito ay pagkakataon para itakda ang patakaran sa kalakalan na kokontrol sa halos kalahati ng kalakalan ng daigdig at para mapiga ang mega-rehiyon na 57% ang bahagi sa GDP ng mundo. Ang mga ito ay lalong nagbibigay ng dahilan sa US at mga alyado nito para ituloy ang TPPA. Sa panahon ng kumperensya ng APEC noong 2011 sa Honolulu, nagsabi sina US President Barack Obama at State Secretary Hillary Clinton na ang TPP ay nagsisilbing sangay sa ekonomiya ng estratehiyang *geopolitical* ng US, para mamintina ang pulitikal at pang-ekonomyang impluwensya nito sa Asya Pasipiko sa paglikha ng ligal na kaayusan sa buong rehiyon na magsisilbi sa interes ng US at ng mga korporasyon nito.

Ano ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP)?

Ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) na pinangunguhan ng Tsina ay nananatiling nasa antas negosasyon sa pagitan ng lahat ng 10 kasaping bansa ng ASEAN at 6 sa mayor na kasosyo nito sa kalakalan. Target na makumpleto ito sa 2017. Walang opisyal na borador na pinapakita sa publiko, ngunit ang mga nalalantad na mga teksto ay nagpapakita ng kapareho, at sa ilang bahagi ay mas malalang banta, kaysa sa TPPA.

Hinahabol ng Tsina ang RCEP bilang panimbang sa opensibang ekonomiya ng US. Ang RCEP ng Tsina ay kinabibilangan ng Australia, Japan, India, South Korea, New Zealand at 10 kasaping bansa ng ASEAN (Philippines, Thailand, Indonesia, Malaysia, Brunei, Singapore, Myanmar, Laos, Cambodia, at Vietnam). Ilang serye ng sikeretong negosasyon ang natapos na. Padami nang padami ang inaasahang aanib sa RCEP ng Tsina dahil sa papahinang impluwensya ng US sa Asya at lumalaking halaga ng Tsina sa rehiyon. Ang eksport ng Tsina sa Asya ay tumalon sa 50% mula noong rurok nito bago ang pandaigdigang krisis ng 2008, habang ang eksport sa US ay lumago ng halos 15%. Ang eksport ng Tsina sa Asya na nagkakahalagang \$90 bilyon ay 3 beses na mas malaki kumpara sa eksport nito sa US.

Ang laki ng RCEP ay halos kapantay ng TPP. Ang 16 kasapi nito, kasama ang 2 mayor na ekonomiya sa Asia, ang Tsina at India, ay bumubuo ng halos kahalati ng populasyon ng mundo; halos 30% ng GDP ng mundo at lagpas sangkapat ng ekport ng mundo. Ang laman nito ay halos pareho ng TPP, kabilang ang kalakalan sa produkto, serbisyo,

pamumuhunan, *intellectual property* (kasama ang *patent* sa gamot, *copyright*, *geographic indicators*, *genetic resources*, atbp).

Paano patitindihin ng mga FTA ang pagsasamantala sa mga manggagawa?

Ang mga mega-rehiyonal na mga FTA na ito sa katunayan ay dinisenyo para padaliin ang mas malaking pakinabang ng mga korporasyon sa murang lakas-paggawa at rekurso mula sa mga di-maunlad na bansa. Kakabit nito ang lalong pagbaba ng sahod at kondisyon sa paggawa habang ang mga bansa ay nagpupunyagi na imbitahan ang mga dayuhang mamumuhunan sa pamamagitan ng paglikha ng kondisyon sa negosyo na mas kaakit-akit sa mga korporasyon—at kung gayon ay kontra-manggagawa.



Ang mga proteksyon sa pamumuhunan ay kasalukuyan nang ginagamit para lalong pababain ang sahod ng manggagawa. Isang halimbawa: Noong 2013, ang Veolia Proprete, isang Pranses na TNC ay nagsampa ng kaso laban sa guberno ng Egypt dahil sa bagong batas sa paggawa na nagtaas ng minimum wage sa bansa. Ang Veolia ay naggigiit ng \$110 milyon mula sa Egypt bilang kabayaran sa kabiguan ng guberno na tumbasan ang kanilang “pagkalugi” dahil sa dagdag-sahod ng mga manggagawa, ayon sa bagong pambansang batas sa paggawa. Iginigiit ng Veolia na ang Egypt ay lumabag sa obligasyon nito sa kontrata na panatilihing magkatumbas ang mga bayarin at dagdag sa gastusin ayon sa napagkasunduang porsyento ng kita. Sabi pa ng Veolia, ang biglang dagdag-sahod ay may negatibong epekto sa pamumuhunan nila. Ang demanda ay nasa balangkas ng *bilateral investment treaty* (BIT) na nilagdaan sa pagitan ng Egypt at France noong 1974. Ang BIT na ito sa pagitan ng France at Egypt ay nagbibigay sa korporasyon ng karapatan na maghabol ng *payment adjustment* katumbas ng dagdag gastusin, kabilang ang inflation at dagdag-sahod.

Ang mga nakaraang kasunduan ay nagpwersa rin sa mga manggagawa na makipagkumpentensya para sa natitirang desperado at mababang-sahod na trabaho sa buong mundo. Noong 1994, nang ang NAFTA (North Atlantic Free Trade Agreement)

ay pinirmahan sa pagitan ng Canada, United States at Mexico, ang mga ekonomista at opisyal ng US ay nagsabing malilikha ang daang libong trabaho mula sa inaasahang paglago ng sarplus sa kalakalan sa Mexico. Ngunit ang resulta ay: 682,900 trabahong nawala sa Amerika at ang pagpapalayas sa lagpas 1 milyong magsasakang Mexicano; idagdag pa ang pagbaba ng sahod, *labor flexibilization* at paglala ng pwersadong migrasyon. Kung maipapasa, ang TPP at RCEP ay magpupwersa sa mga kasaping bansa na pagtibayin ang mga kaparehong mga probisyon na magpoprotekta sa pamumuhunan at magsisilbing malubhang banta sa karapatan ng manggagawa sa buong rehiyon.

Paano patitindihin ng mga FTA ang pagsasamantala sa mga magsasaka?

Bilang bahagi ng patakaran ng mga FTA, ang pagluwag ng sagka sa kalakalan sa mga di-maunlad na ekonomiya ay magbubukas-pinto sa pagtatambak ng murang produktong agrikultura mula sa mauunlad na bansa. Ang mga produktong ito ay may mataas na subsidyo at kung gayon ay maaaring ibenta sa mas murang halaga kumpara sa lokal na produkto. Ang ganitong distorsyon sa kalakalan ay naglalagay sa magsasaka sa panganib na mawalan ng pantay na bahagi ng kita sa pamilihan, at maaaring tumungo sa pagkawasak ng buong lokal na sistema ng produksyong agrikultura.



Ang mga FTA ay magpapataw din ng mga istandard sa *intellectual property* na lubhang maghihigpit sa paggamit ng binhi at halamang may *patent*, na banta sa lokal at katutubong gawi sa pagsasaka gayundin sa akses sa binhi. Batay sa nalantad na mga probisyon ng RCEP sa *intellectual property rights*, itinutulak ng Japan at Korea ang mga kasaping bansa ng RCEP na umanib sa UPOV 1991. Ito ay internasyunal na kasunduan na nagpapataw ng isang bungkos ng komon na istandard at patakaran kung paano ang mga bansa ay magpapatupad ng proteksyon sa iba't ibang klaseng halaman—isang iskema na pabor sa mga kumpanya ng binhi sa kapinsalaan ng karapatan ng magsasaka sa binhi. Ito ay nagbibigay ng labis-labis na kapangyarihan sa mga dambuhalang korporasyon na magkakaroon ng eksklusibong karapatan sa mga partikular na tipo ng binhi. Isa pang

panukala ay naglalayon na ikriminalisa ang *seed saving* sa pamamagitan ng pagpataw ng parusang kriminal sa pagdadala ng binhi sa ibang bansa nang walang awtorisasyon mula sa may-ari ng *patent*.

Dahil parehong magpapatitibay ng bagong istandard sa proteksyon ng pamumuhunan ang TPP at RCEP, ang mga FTA ay maaari ding magpahina sa mga pagsisikap para sa tunay na repormang agraryo. Isang halibawa: Noong 2015, isang tribunal ng mga korporasyon ang nag-utos sa guberno ng Zimbabwe na ibalik ang mga lupang ipinamahagi nito sa mga katutubong magsasaka noong 2005. Nakipagtalo ang panginoong maylupa na ang pang-aagaw ng guberno sa kanyang lupa, at ang patagong suporta sa “iligal na paninirahan ng mga magsasaka” ay paglabag sa *bilateral investment treaty* sa Switzerland at Germany. Dagdag pa sa pagbabalik ng mga lupa sa panginoong maylupa, ang Zimbabwe ay inatasan ding magbayad ng \$65 milyon bilang kumpensasyon sa pagkawala ng halaga ng lupa.

Paano aalisan ng akses ng FTA ang mamamayan sa kalidad na serbisyon publiko?

Ang mga agresibong atakeng neoliberal na ito ay nagtataguyod ng pagbubukas ng mga pamilihan sa mga erya na sa kaugalian ay kinaklasipika bilang esensyal na serbisyo na guberno ang dapat magbigay, gaya ng serbisyon pangkalusugan, tubig, kuryente at edukasyon.

Ang mga FTA ay may layunin na lalong palawigin ang *patent rights* sa gamot na magbibigay kapangyarihan sa malalaking korporasyong parmasyutikal na magkaroon ng eksklusibong karapatan sa produksyon ng ilang mga gamot. Ang eksklusibong karapatan sa *patent* sa gamot ay nagpapahintulot sa mga korporasyon na mamonopolisa ang pamilihan sa gamot at panatilihin mataas ang presyo nang walang kumpetisyon sa alternatibong generic na gamot. Kung maipasa, ang RCEP at TPP ay magpapalawig ng proteksyon sa monopolyo lagpas sa hinihingi ng kasalukuyang mga internasyunal na kasunduan at lokal na mga batas. Ito ay matinding banta sa mahirap na mayorya na umaasa sa mura at nakaliligtas-buhay na gamot.



Gayundin, ang TPP at RCEP ay parehong nakaambang pabilisin ang pribatisasyon ng pampublikong sistemang pangkalusugan at iba pang serbisyonang panlipunan sa kabuuan. Sa ilalim ng TPP, ang mahahalagang panlipunang serbisyo gaya ng pangkalusugan, komunikasyon, tubig, kuryente, mga empresang pag-aari ng guberno at transportasyon, bukod sa iba pa ay bubuksan para sa pag-aari ng dayuhang korporasyon. Ang mga FTA ay naglalaman din ng mga probisyonang nagpapahintulot sa mga korporasyon na direktang hamunin ang mga batas na naglalayong protektahan ang mga panlipunang serbisyo sa pribatisasyon. Kapag napribatisa na, ang mga mahahalaga at may-kalidad na serbisyo para sa publiko ay hindi na maaabot ng mayorya na mahihirap at aping komunidad, dahil ang mga serbisyonang ito ay may bayad at tumataas pa ang singil.

Paano maapektuhan ng mga FTA ang lupa, buhay at kabuhayan ng mga pambansang minorya?

Sa kabuuang layuning akitin ang mas maraming dayuhang pamumuhunan, ang mga guberno ay nakikipagnegosasyon ng mga kasunduan sa pamumuhunan sa ibang mga bansa, habang nangangako ng mainam na pakikitungo sa mga mamumuhunan. Ang tampok na katangiang ito ng modernong FTAs ay humahantong sa karera --- kung saan ang mahihinang ekonomiya sa esensya ay napupwersang luwagan ang kanilang karapatang pangasiwaan ang mga korporasyon upang akitin ang mas maraming pamumuhunan. Kapag may bisa na ang mga FTA, kailangang amyendahan ang mga probisyon sa paggawa (labor), kapaligiran at kahit ang probisyon sa dayuhang pag-aari ng lupa, bukod sa iba pang hakbang sa regulasyon na nakasaad sa konstitusyon ng mga bansa.

Isang halimbawa: isang Canadian na kumpanya sa pagmimina, ang Bear Creek Mining Corporation ay nagdemanda sa guberno ng Peru sa pagbibigay nito ng karapatan sa mga katutubo na payagan o tanggihan ang anumang pagmimina o pagbabarena sa kanilang erya. Nangyari ito pagkatapos ng mga kaganapan noong 2007 kung saan ang Bear Creek ay nagsimula ng operasyon sa minahan ng pilak sa Santa Ana. Nagprotesta ang mga katutubo laban sa kumpanya ng pagmimina dahil sa dalang panganib ng minahan sa Lake Titicaca. Ang serye ng mga protesta at barikada ay sinalubong ng karahasan ng mga pulis, kung saan 6 na katutubo ang namatay. Nagsampa ng demanda ang kapitalista laban sa Peru sa ilalim ng Canada-Peru FTA dahil nilagay daw nito sa panganib ang kanilang tubo.

Higit pa rito, ang pamantayan ng mga modernong FTA kabilang ang RCEP at TPP ay nagbibigay karapatan sa mga korporasyon na magmay-ari ng lupa sa ibang

bansa, na humahantong sa pagtaas ng mga insidente ng pang-aagaw ng lupa sa mga hindi pa mauunlad na bansa. Isang halimbawa: Sa South Sudan, ang mga dayuhang mamumuhunan ay nakakuha ng 2.64 milyong ektaryang lupang agrikultural sa loob ng 3 taon, mula 2007-2010, at libong katutubong magsasaka ang nawalan ng lupa. Kung isasaalang-alang pati mga dati nang kaso ng pang-aagaw ng lupa, ang kabuuang dayuhang pag-aari ng lupa sa bansa ay aabot sa 5.64 milyong ektarya o 9% ng kabuuang lupain ng South Sudan. Kapag naipuwesto ang mga modernong FTA, ang mga korporasyon ay malayang makakukuha ng mga mayayamang lupain, na karaniwang matatagpuan sa mga teritoryo at lupain ng mga katutubo at pambansang minorya.

Bakit kinakatawan ng mga FTA ang tumitinding imperyalistang kumpetisyon sa pagitan ng US at Tsina?

Ang dalawang mega-rehiyonal na kasunduang pangkalakalan na ito ay kumakatawan sa magkalabang interes sa pagitan ng US at Tsina kung sino ang mangunguna sa pagtatakda ng mga patakaran sa kalakalan at kontrol sa ekonomiya ng rehiyon. Ang akses at kontrol sa napakalaking pamilihan ng Asya Pasipiko ay isang pangangailangan para sa US na ang ekonomiya ay patuloy na bumabagsak, gayundin sa Tsina na nagpapalawak ng balwarte lagpas sa rehiyon ngunit dumaranas ng pagbagal ng ekonomiya. Habang ginagamit ng US ang TPP at ang TTIP (Trans-Atlantic Trade and Investment Partnership) para kumiling ang pandaigdigang ekonomiya pabor sa kanyang mga korporasyon, ang Tsina naman sa pamamagitan ng RCEP ay umaasa sa kanyang malapit na relasyong pang-ekonomya sa ASEAN, na ikatlong malaking ekonomya at pamilihan sa Asya. Ang rehiyong Asya Pasipiko ay nananatiling makina para sa pandaigdigang paglago, sa gitna ng mabagal na pagbangon ng ekonomiya ng daigdig. Sa rehiyon nagaganap ang kalakhan ng pagmamanupaktura sa daigdig at lumilikha ng halos kalahati ng pang-ekonomyang *output* ng daigdig sa 40.7% o halagang \$44.1 trilyon. Inaasahang magpapatuloy ang pagtaas nito habang ang pinagsamang GDP ng ibang rehiyon ng daigdig ay bumabagsak.

Walo sa sampung pinakaabalang *container port* sa mundo ay makikita sa rehiyong Asya Pasipiko, halos 30% ng kalakalang pandagat ng mundo ay dumadaan sa South China/West Philippine Sea kada taon, habang halos \$1.2 trilyong halaga ng produktong papunta sa US ay dumadaan sa rutang pandagat ng rehiyon. Ang masaganang likas na yaman, murang lakas-paggawa at mahahalagang rutang pangkalakalan sa rehiyon ng ASEAN ay mga esensyal na katangian kung bakit ito ay estratehikong target para sa kontrol sa ekonomiya, pulitika at militar ng US at Tsina.

Sa ganitong konteksto, ang US ay patuloy na naghahangad ng kanyang estratehikong pihit o *strategic pivot* sa Asya. Sa kanyang pagsisikap na magpatibay ng sariling balwarte sa rehiyon, pinadami nito ang operasyong militar sa pagpapadala ng sampu-sampung libong tropang militar at pagmimintina ng daan-daang baseng militar sa Asya Pasipiko. Ang Japan at Korea lamang ay mayroong 80,000 na tauhang military ng US—malaking kaibahan mula sa 65,000 tropa na kasalukuyang nakaistasyon sa Europa at 35,000 nakadeploy sa Gitnang Silangan. Ang Tsina sa kabilang banda ay nagsimula ng substansyal na modernisasyon ng kanyang hukbong-dagat upang ipatupad ang kanyang pag-angkin sa South China/West Philippine Sea. Pwersahan nitong binawi ang mga reef at nagtayo ng mga *airstrips* na may kakayanang lumulan ng gamit militar, na nagsindi ng tensyon sa mga kakumpitensyang umaangkin—ang Pilipinas at Vietnam.

Sa batakang ito, ang tunay na dapat intindihin ng mga mamamayan ay hindi kung sinong panig ang dapat magwagi. Alinman sa TPP o RCEP, alinman sa US o Tsina at kanilang mga korporasyon ay hindi tutugon sa matagal nang mithiin ng mamamayan para sa kalakalang makatarungan, pantay at tumutugon sa kanilang pangangailangan.

Paano nilalabanan at tinututulan ng mamamayan ang lumilitaw na mga FTA? Ano ang maaaring gawin upang patuloy na labanan ang FTAs?

Ang malawak na pagkawasak na dalang banta ng RCEP at TPP sa mga ekonomiya at mamamayan ng rehiyon ay nagpapatampok ng pundamental na kontradiksyon sa kasalukuyang neoliberal na sistemang pang-ekonomiya. Habang ang mga superpower sa ekonomiya ay nagkukumpetensya upang siguruhin ang kanilang interes sa rehiyon, ang paglaban ng mamamayan ay lalong nagiging mahalaga upang gapiin ang mga mega-FTAs na ito. Hinog ang kondisyon upang magsindi ng paglaban ng mga kilusang masa na tutol sa TPP, RCEP at iba pang FTA sa rehiyon at mahalaga sa ganitong pagsisikap ang organisadong aksyon ng mga kilusang masa sa Asya Pasipiko.

Pagtataas ng kamulatan at programang edukasyon – Nangangailangan ng madaliang pagkilos upang maglunsad ng mga malawakan, pangmasang pagtataas ng kamulatan at pagpapalaganap ng impormasyon upang mapopularisa ang mga isyu at patampukin ang mga epekto ng FTAs sa mamamayan. Iba't ibang anyo ng *online* at *print media* ang maaari at dapat mamaksimisa para dito. May pangangailangang lalo pang pag-aralan ang FTAs at maglunsad ng mga puspusang talakayan tungkol sa ispesipikong epekto ng TPPA at RCEP sa mga bansa at sektor. Ang mga programang pang-edukasyon ay mahalaga sa pagpapalalim ng isyu na maaaring gawin sa anyo ng kumperensya, forum,

webinar o serye ng pag-aaral sa FTAs sa konteksto ng neoliberal na globalisasyon. Ang mga pagsisikap na ito ay kailangang gawin sa hanay ng mga unyon ng manggagawa, organisasyong magsasaka, kababaihan, katutubo, *environmentalists*, maralitang lungsod, mga aktibidad sa karapatang pantao, asosasyon ng mga *small & medium businesses*, akademiko at propesyunal upang tutulan ang FTAs at neoliberal na globalisasyon.

Pag-oorganisa sa masa – Isa ring mahalagang gawain ay ang pagbubuo ng malapad na kilusang masa laban sa FTAs at neoliberal na globalisasyon. Ang malalapad na network at platapormang ito ay maaaring itayo mula sa mga dati nang grupo o kampanya, at dapat saklawin ang mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, katutubo at pambansang minority, liban pa sa iba. Ang mga alyansa sa pagitan ng mamamayan ng global North at ng global South ay dapat itatag at palakasin tungo sa pagsasagawa ng koordinadong aksyon at mobilisasyong pandaigdig.

Kampanya at mobilisasyon – Ang pagkakampanya laban sa FTAs ay nangangailangan ng paggamit ng iba't ibang aksyon na sumusuporta at pumupuno sa isa't isa. Ang pangunahing pokus ng kampanya laban sa FTAs ay dapat nakasentro sa pagpapakilos ng masa upang itaas ang presyur sa mga guberno, gayundin upang makakuha ng mga konkretong ganansya para sa masa. Halimbawa, ang pakikibaka ng mga magsasaka, mangingisda, at maliliit na *prodyuser* sa mga nakaraang dekada ay mga pondong lakas para labanan ang pagpapatalsik sa lupa, pagpapababa sa upa sa lupa, at pabutihin ang kabuuang kalagayan ng manggagawang bukid sa ilang bansa. Iba't ibang unyon ng manggagawa ay nanalo ng mga welga sa iba't ibang panig ng daigdig, sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na kampanya, pampulitikang edukasyon at iba't ibang porma ng protesta upang itambol ang mga isyu ng mamayan at matinding paglaban sa neoliberal na globalisasyon.

Policy Advocacy at Lobbying - May ilang organisasyon na kamakailan ay nagbigay ng pokus sa di-direktang aksyon gaya ng lobbying at policy advocacy. Ang gawaing lobbying at policy advocacy ay kinabibilangan ng mga aksyong nagbibigay presyur sa guberno at mga institusyong nagtataguyod ng mga FTAs. Ang lobbying ay maaari at dapat na maglingkod sa layunin ng kampanyang masa sa pamamagitan ng pagbibigay ng malalim na pag-unawa at kaalaman sa ispesipikong mga isyu, at sa pagsisiyasat at paghamig ng mga alyado't positibong pwersa sa mga estado at institusyon. Gayunpaman, ang pagkakampanya sa mga temang ito ay kailangang magbigay ng presyur sa mga lokal, pambansa at internasyunal na mga namamahala sa guberno, habang umaambag sa pagbubuo ng kilusang masa na nagsusulong para sa alternatibong sistemang pang-

ekonomiya na nakabatay sa *solidarity*, *complementarity*, mutwal na benepisyo at kooperasyon.

Upang magapi ang mga neoliberal na atakeng ito, nagiging mahalaga na palakasin ang mga kilusan at sektor na lumalaban sa FTAs at patindihin ang kampanya laban sa kasalukuyang pag-agaw ng mga dambuhalang korporasyon sa yaman ng daigdig, lakas-paggawa at rekurso. Sa ganitong layunin, ang pagtataas ng kamulatan, pag-oorganisa ng masa at pagkakampanya ay dapat na mahalagang bahagi ng ating gawain upang ang mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, katutubo, migrante, maralitang lungsod, kabataan at iba pang bahagi ng demokratikong mayorya ay komprehensibong makakahiling at makakapagpahayag ng pinakamalakas na oposisyon laban sa FTAs at ang sistemang nag-aanak ng patuloy nitong pagkalat sa daigdig.



Ang lathalaing ito ay naging posible sa pamamagitan
ng suporta ng mga sumusunod na organisasyon:

Asian Peasant Coalition (APC)
Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)
International Indigenous Peoples Movement
for Self-Determination and Liberation (IPMSDL)
International Migrants Alliance (IMA)
International Women's Alliance (IWA)
Kalikasan Peoples Network for the Environment
Peoples Coalition on Food Sovereignty (PCFS)
Pesticide Action Network – Asia Pacific (PAN-AP)
IBON International
WORKINS
Asia Pacific Research Network (APRN)
International League of Peoples Struggles (ILPS)

